Maligayang pagdating sa aming eskwelahan!

Nasasabik kami na maging bahagi ang pamilya ninyo sa pamayanan ng aming paaralan!

Ang Surrey ay tirahan ng pinakamalaking populasyon sa B.C. ng mga urban na Katutubo, at kami ang pinakamalaking distrito ng paaralan sa probinsya, na may mga mababang paaralan at mataas na paaralan sa buong Surrey at White Rock.

Marami kaming mga programa at mga serbisyo upang masigurong ang bawat bata ay may access sa lahat ng kanilang mga pangangailangan upang umunlad, kasama na dito ang:

- mga programang pagkain para sa mga estudyante at mga pamilyang maaaring nangangailangan ng suporta
- tulong sa wika para sa mga hindi Ingles ang katutubong salita
- pagpapayo para maasistihan ang mga estudyanteng merong sosyal, pang-edukasyon, karera, at iba pang mga hamon
- suporta para sa mga estudyanteng may iba't-ibang mga kakayahan at pangangailangan, kasama na dito ang pagbuo ng Individual Education Plan (IEP) na kikilala sa mga lakas, pangangailangan, layunin, at mga kinakailangang suporta at serbisyo para makamit ang mga layuning ito
- Katutubong mga serbisyo sa pag-aaral na maaaring makapagbigay ng pinahusay na mga suporta para sa mga Katutubong estudyante sa kindergarten hanggang ika-12 baitang
- Isang Welcome Centre para sa mga pamilyang bago dito sa Canada, kung saan ang mga tauhan ay makapagbibigay ng tulong at gabay sa wikang Punjabi, Arabic, Chinese, Spanish, Korean, Tagalog at marami pang ibang mga wika
- mga palaruan, pasilidad ng palakasan at mga programang libangan upang mahikayat ang laro at pisikal na mga aktibidad
- mga club at programa, kasama na ang musika, drama, pamumuno, matematika, agham, at iba pa upang mahikayat ang mga estudyante na siyasatin ang iba't-ibang mga pagkagusto at matuto sa pagpapahalaga ng pagtutulungan ng magkakasama, indibidwal, at grupo

Ang mga magulang ay may mahalagang bahagi sa edukasyon at tagumpay ng estudyante! Hinihikayat namin ang regular na komunikasyon, pakikilahok, at pakikipagtulungan sa inyong eskwelahan.

Huwag mag-atubiling kontakin ang guro, tagapayo, prinsipal o bise-prinsipal ng paaralan , ang Welcome Centre, o ang mga tauhan sa aming opisina ng inyong anak kung meron kayong mga tanong o kung ang inyong anak ay nangangailangan ng karagdagang suporta.

Nandito kami para kausapin kayo tungkol sa inyong anak sa buong taon – ito man ay tungkol sa gawain sa paaralan o iba pang mga alalahanin.

Ang anak ninyo ay pahahalagahan, rerespetohin, at mapapalibutan ng suporta sa aming eskwelahan – inaabangan namin na makilala kayo at ang inyong pamilya!

Para sa karagdagang impormasyon i-scan ang QR code o bumisita sa: **www.surreyschools.ca**

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING